


# Napagod ang Latang si Lita

*Ni Santiago F. Pagulayan*

"Tapon dito! Tapon doon! Kalat dito! Kalat doon!," ang sigaw ni Lita na naiinis sa lagi niyang nakikita at nararanasan.

Si Lita ay isang lata na nakatayo sa gilid ng kalsada. Ngunit tinatapunan siya araw-araw ng mga basurang umaapaw. Kawawa naman si Lita, mabaho na, nilalangaw pa. Kaya tuloy ang mga bata sa lugar nila ay pumapayat at nagkakasakit.

"Hay naku, kailan kaya magbabago ang mga tao sa paligid ko?" tanong ni Lita na tila pagod na pagod na.

"Ayos lang naman na tapunan ako dahil ito naman ang aking trabaho. Pero ang mahirap lamang dito, ang mga basura nila bukod sa kalat-kalat na, halo-halo pa," reklamo ng lata.

Laging pinoproblema ni Lita ang ugali ng mga tao sa paligid niya. Hanggang isang araw, dumating ang malakas na ulan. Natuwa si Lita dahil ang paligid niya ay tila nahugasan.

Unang araw, ikalawa at ikatlo. Ang ulan ay umabot na ng isang lingo. Si Lita ay nagpalutang-lutang sa kanto. Ang mga basura ay kumalat at yung iba ay bumara sa estero.

Hindi nagtagal, humupa ang ulan ngunit ang baha ay abot baywang. Tumagal pa ito ng isang lingo bago tuluyang nawala.

"Ayos na siguro ang lahat," inakala ni Lita.

Unti-unti nang nawala ang tubig baha. Ang mga basura naman ay tuluyang nabawasan, subalit inanod pala ang mga ito sa ilog Cagayan.

Pagkalipas ng isang linggo, nagulat ang mga tao dahil ang mga mangingisda ay isa-isang nagrereklamo.

"Wala na nga kaming huli, naglulutangan pa ang mga isda. Puro patay, mababaho at malalansa," sigaw ni Mang Cosme na isa sa mga mangingisda.

May mga bata ring itinakbo sa ospital dahil nanghihina at sumasakit ang mga ulo. Yung iba naman ay namamaga ang buong katawan, nangangati at namumula. Napag-alamang ang mga batang ito ay sa ilog Cagayan pala nagsipagliguan.

Tahimik si Lita at kinakabahan at baka siya raw ang dahilan. Hindi na niya kasi kinaya ang dami ng basura, kaya naanod ang mga ito at sa ilog Cagayan pa napunta.

Labis din na nag-alala ang mga tao lalo na ang mga opisyal ng barangay kaya tumawag ng pagpupulong si Kapitan Bernardo Maddela. Dumalo rin sa pagpupulong si Dr. Miguel Narag.

"Ayon sa pag-aaral, yaong mga basura ang dahilan. Bumara ang mga ito sa estero kaya tayo binaha. Tapos dumaloy ito sa ating ilog Cagayan kaya ang mga isda ay namatay at naglutangan," paliwanag ni Dr. Ramos.

"Ito rin ang dahilan kung bakit maraming nagkakasakit sa ating mga bata," dagdag pa ng doktor.

"Wala ring ibang dapat sisihin, kung hindi tayong mga tao rin, kaya dapat gawan natin ito ng solusyon," paalala naman ni Kapitan Maddela sa mga tao.

Nalungkot at nahiya ang mga tao sa kanilang narining ngunit walang nagsisihan sa kanila. Nag-usap-usap na lamang sila na gumawa ng solusyon sa problema.

Hanggang isang araw, nagulat si Lita sa may kalsada nang makita ang kay raming tao na nagmamartsa. Mga bata at matatanda ay sama-sama. May mga walis, daspen at iba pang panglinis na dala-dala. Ang mga kalalakihan naman ay sa ilog nagtungo, sinuyod ang pampang at mga basura ay hinango. Nagtanim rin sila ng mga puno ng kawayan sa tabing ilog.

"Wow! Kay gandang pagmasdan!" masayang sigaw ni Lita.

"Sana ay laging ganito na lang," dagdag pa niya.

Hindi nga nagkamali si Lita dahil magmula noon, tuwing Sabado, ang mga tao roon ay nagtutulungan. Ang ilog Cagayan ay muling kay linis at kay sarap pagmasdan. Bumalik ang sigla ng lugar na iyon. Sariwa na rin ng simoy ng hangin. Ang mga mangingisda ay marami na namang huli. Ang mga bata ay muling naglalanguyan sa ilog.

Ngunit ang pinakamasaya sa lahat ay si Lita. Dahil nadagdagan siya nang maraming pang mga kasama. Sila ay may takip na ngayon at sa wakas hindi na sila nilalangaw. Ang mga basura ay hindi na rin umaapaw. Lagi pa silang binibisita ng trak ng basurahan. Lagi rin silang hinuhugasan ng mga taong bayan.

Natuto na ang mga taong mahalin ang kanilang kapaligiran dahil naramdaman nila ang masamang bunga ng kanilang kapabayaan. Sina Lita naman at ang mga kasama nito ay wala ng problema at tuloy ang pagseserbisyo.

-WAKAS-

